AHA! LEARNING CENTER'S

# ESKWELANG PAMILYA

/ahalearning /ahalearns

## READING FOR GRADES 1-2

**Aralin 8**

| Pambungad |
|---|
| *Magandang araw sa iyo, munting mambabasa! Handa ka na bang galugarin ang ating kwento ngayong araw? Sabay-sabay nating basahin ang librong **"Ang Barumbadong Bus" na isinulat ni Rene O. Villanueva.** Huwag mag-alala; gagabayan kita, kaibigan!* |

| **Reading for Grades 1 and 2 - Aralin 8** |
|---|
| Book Title: Ang Barumbadong Bus |
| Author: Rene O. Villanueva |
| Source: Buri Books |

Hi! Kamusta na tayo today? Si Teacher Robyn po ulit! 🤓🧡 Today, babasahin natin ang "Ang Barumbadong Bus" ni Ginang Rene Villanueva 👩🏽🏫

🙏🏽 **PANGAKO PARA SA ARALING ITO**

Ano ulit ang promises natin? ☺

(1) dahan-dahang bibigkasin ang kada linya ng story 📣

(2) dadamdamin at sisikaping intindihin ang kuwento at, 🤓

(3) 'wag matatakot magtanong kay Teacher o sa ating mga nakatatanda sa bahay kung may hindi tayo naiintindihan. 🧡👩🏽👨🏽👴🏽👵🏽

💬 **TALASALITAAN**

Bago tayo mag-umpisa, tingnan muna natin ang iilang mga salita sa kuwento na baka hindi pamilya sa atin! Mag-tanong sa ating nakatatanda kung ano kaya ang ibig sabihin ng mga to! 🤔

**(1) Barumbado**

**(2) Kaskasero**

**(3) Pakialamanero**

Start na tayo!

--

📚 **ANG BARUMBADONG BUS NI RENE O. VILLANUEVA**
*Bigkasin natin ang kada-linya* 📣

• "Ako ang hari ng kalsada," sabi niya.
Takot ang lahat ng jeep at kotse sa kaniya. "Sa daan, ako ang tunay na bida!" 🚘
• Walang kinatatakutan si Kas. Hindi siya takot sa jeep at sa kotse. Hindi rin siya takot sa taxi, 🚖kahit sa pulis at sa pasahero, hindi rin takot si Kas. Ang bilis-bilis ng takbo ni Kas, kaya takot na takot ang mga pasahero. 🙋🏽‍♀️🙋🏽‍♂️ "Para! Para-a-a-a!" sabi nila. Pero huminto lang si Kas kung saan at kailan niya gusto. Pagbaba ng mga pasahero, nerbiyos na nerbiyos sila. "Dahan-dahan lang ang takbo," sabi nila kay Kas. Hindi sila pinansin ng barumbado. 😫🚘
• Kahit pulis ay walang nagawa. "Ayan na si Kaskasero!" Unahan ang lahat sa pagtakbo para iwasan ang bus na barumbado. Talagang walang magawa ang lahat kay Kas. Kahit ilang ulit siyang pagsabihan, talagang matigas ang ulo. "Ako ang hari ng kalsada," lagi niyang sinasabi. "Gagawin ko ang lahat ng gusto ko." 🚔🚘
• Walang pinakikinggan si Kas. "Dahan-dahan lang, Kaskasero," sabi ng mga halaman sa daan. Binugahan lang sila ng usok ni Kas, saka nagtatawang humarurot nang husto. Inubo nang inubo ang mga halaman. Pero hindi man lang lumingon si Kaskasero. Sa loob-loob niya: "Yang ang mabuti sa pakialamero." At muli siyang kumaripas ng takbo. 🌱🚘
• Minsa'y kinausap siya ni ulap. "Wag ka namang buga nang buga ng usok." Nangitim pati ilong ni Ulap. Sa dumi ng usok, muntik na siyang maiyak. "Salbahe talaga si Kaskasero! Siya ay bus na walang modo." ☁️🚘
• Kahit ang araw at ang buwan ay walang nagawa kay Kas. Wala siyang pinakikinggan kahit na sino. "Ako ang hari ng kalsada," katwiran niya. "Magagawa ko kahit ano ng gusto ko." 🚘☀️🌕
• Isang araw, naglasing si Kas sa gas. "Glug-glug-glug-glug." Inom ng inom si Kase ng gas. "Glug-glug-glug-glug." Pinigilan siya ng ulap at ng araw, pero hindi nakinig ang Kaskasero. 🚘⛽
• Kahit lasing na lasing, naisip pa rin niyang magyabang. Kahit paekis-ekis ang mga gulong, pumaspas pa rin siya sa gitna ng daan. "Ako ang hari ng kalsada," sabi niya, saka bumisina ng bumisina. 📣📣📣
• Mabilis na mabilis ang takbo ni Kas. Mabuti na lang at wala siyang sakay. Lasing na lasing ang bus na walang modo. Ang bilis-bilis ng kanyang takbo. Mas mabilis pa sa jeep. Mas mabilis pa sa taxi. Mas mabilis pa sa kotse. Pero hindi pa rin siya nasiyahan. Ang takbo'y lalo pa niyang binilisan! ⚡🚘⛽

• Nabangga si Kas. Bali-bali ang bakal at ang tubo. Wasak ang makina at baluktot ang tambutso. Parang napisang lata si Kaskasero. 😨

--

✏ **GAWAIN**
Balikan natin ang kuwento ng "Ang Barumbadong Bus"! Sasagutin ni Teacher Robyn ang mga tanon, at ngayon kayo ang maging Teacher! ✔️ Check niyo kung tama ang mga sinasagot ni Teacher! ☺

🔎🏞️ Saan naganap ang ating kuwento?
Naganap ang ating kuwento sa isang siyudad! 🏙️ Tama ba, mga bata? ✔️

🔎👨👩👧👦 Sino ang ating bida at sinu-sino ang ibang mga karakter?
Ang biba natin ay ang bus na si Kaskasero o si "Kas" 🚘. Ang ibang mga karakter ay ang taxi 🚕, mga pasahero 🙋🏽‍♀️🙋🏽‍♂️, ang pulis 🚔, ang mga halaman 🌱, ang ulap ☁, at araw at buwan☀🌕. Tama po ba? ☺✔️

🔎🕒 Kung nabasa natin ng maigi ang kuwento, maaalala natin ano ang nangyari sa umpisa, gitna, at pantapos ng kuwento!
Nakilala natin si Kas ang kaskaserong bus na nagbibigay problema sa siyudad ➡ Uminom si Kas ➡ Siya'y nabangga
Tama? ✔️

🔎⚡ Ano ang problema ni Kas? 🚘 Base sa istorya, Kaskasero na si Kas sa umpisa pa lamang. 🚍 Ngunit, mas lumala pa ang sitwasyon nung siya'y uminom ⛽ Pero mga bata, bakit kaya Kaskasero si Kas? 🤔

🔎✍🏽 Ano kaya ang gustong sabihin ng manunulat sa kuwento? Gawin nating repleksyon ito.

✔️🙏🏽 **PAGTATAPOS**
Para kay Teacher, lahat ng galit o may galit ay may pinag-mumulan. Baka napagalitan sila, o nasaktan, at buhat-buhat lang nila ito kaya nananakit sila ng ibang tao. Ang mali lang ni Kas ay wala siyang pakialam na nakaka-sakit na siya ng iba. Kung may pagkakataon kayo mga bata na kausapin si Kas, ano ang inyong sasabihin? ☺

Yay! Tapos na! May parte ba ng lesson na nahirapan kayo? O may gusto ba kayong ma-share na sagot sa grupo natin? Message lang kayo sa grupo, o message niyo si Teacher ❤
--

This story was published by Adarna House.
This content is lovingly prepared by AHA! Learning Center.